MAKILING REVIEW
AN INTERNATIONAL JOURNAL OF HUMANITIES
VOLUME 1 NO. 1 2022

# (RE)BERSO

CRIS R. LANZADERAS
University of the Philippines Los Baños
crlanzaderas@up.edu.ph

*Pinag-uusig, ngunit hindi pinababayaan;*
*pinababagsak, ngunit hindi nawawasak*
**2 Corinto 4:9**

**Awit 1:2:**

Ang talim ng iyong mga halik,
parang pagpupog ng mga tinik.

Masahol pa sa lason,
ang dulot mong pag-ibig.

**Mangangaral 4:9-10:**

Nasusulat na mabuti ang dalawa kaysa isa
dahil mabunga ang dalawa at hindi ang nag-iisa.

Sa gunita ay ang isang kakilala
nang mailuwal na kanilang bunga,
iniwan ng kasama. Nasusulat:
kawawa ang nag-iisa sapagkat
walang tutulong sa kaniya.

Hindi man nasusulat
subalit higit ang lakas sa pagbangon
nang mag-isa.

**Genesis 29:20:**

Pitong taon ang paniwalang
ang mga dibdib nga'y tulad ng mga
pinapastol na tupa,
pinag-iisa;

tulad ng pinagsasaluhang salukan ng
inumin
kung saan nagdidikit ang mga labi
samantalang hindi naman talaga
nagdidikit.

Lumubog na ang inalay niyang araw,
lumamlam na ang ningning ng kaniyang
buwan.
Ang pitong taon ay may katapusan.

**Juan 16:19-33:**

Palagi mong sinasabi
na sasaatin ang kapayapaan at,
hindi tulad ng mga talinghaga,
maliwanag ang iyong mga salita –
*dumating na ang oras at*

*dumating na ngayon*
subalit nasaan ang kagalakan, ang
katotohanan.
Wala ang lakas ng loob at sa
kalumbayan kumakapit
ang iyong sambahayan.

Bulag ang sanlibutan at maaaring bingi
rin;
sinasadyang di makarinig ng mga
panalangin,

**Ruth 1:16-17:**

Hindi na ako makikiusap at
maninikluhod.
Hindi ko ididipa ang aking mga kamay
sa pakiusap
Nakahanda na akong bumitiw

sa nakasasakal mong mga yakap.
Sa paglisan naroon naman ang
pagdating ng aking umaga,

Sapagkat ang aking mga gabi'y
lumilipas na lamang
bilang mga gabi at ang aking bayan ay
hindi na ang mapa
sa iyong mga palad.

Sasampalataya na ako sa aking mga
nais,
at sasamba sa sarili kong panginoon,
sapagkat ang ating kamatayan ay ang
aking kalayaan.

**1 Juan 4:19:**

Umiibig ang puso hindi dahil ito ay
tinuruan.
Tumitibok ito dahil dumadaloy sa aking
dugo
ang takot.

Mahal, may kasamang takot ang
pag-ibig;
hindi pag-ibig ang pag-ibig
na hindi naduduwag. Ganap ang
pag-ibig
kung ito ay nangangamba.

**1 Corinto 13:4-15:**

Sapagkat mainggitin ang iyong pag-ibig,
mainipin,
mayabang, magaspang, makasarili't
mapagtanim.
Nagagalak sa masama ang iyong puso,
nasusuklam
sa mabuti't matamis, sa mapagtiwala't
matangkilik. *Ganap na*

*ang pagkakaunawa ko sa iyo.* At asahan
ang aking paglalaho

na parang asal ng bata sa sandaling
makilala ang sarili sa salamin.
Darating ang araw na lubos mo akong
makikilala,
malulubos mo
ng kaalaman at sasambulat sa iyong nasa
harapan:

*hindi dakila ang pag-ibig.*

---

**Bionote:**

Si Cris R. Lanzaderas ay isang guro sa UP Los Baños. Kasalukuyang subject area coordinator ng Departamento ng Filipino ng UP Rural High School at nagtuturo ng wika, panitikan, at malikhaing pagsulat.